Limang uri ng hayop,lahat sila ay nakakapinsala,[ipinapahintulot] ang pagapatay sa kanila sa loob ng Haram [Meccah]: Ang uwak,agila,alakdan,daga,at ang mabangis na agila

Ayon kay `Ā’ishah, malugod si Allāh sa kanya-Hadith na marfu: ((Limang uri ng hayop,lahat sila ay nakakapinsala,[ipinapahintulot] ang pagapatay sa kanila sa loob ng Haram [Meccah]: Ang uwak,agila,alakdan,daga,at ang mabangis na agila)) At sa isang salaysay: ((Papatayin ang limang nakakapinsala sa labas at loob ng Haram [Meccah]))
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Sa Hadith na ito ay ipinaalam ni 'Āishah-malugod si Allāh sa kanya-na ang Propeta-pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan-ay nag-utos sa pagpatay ng limang uri ng hayop, lahat sila ay may katangiang nakakapinsala,maging ito man ay labas o loob ng Haram [Meccah], Pagkatapos ay ipinahayag niya ang limang ito sa sinabi niyang:Ang uwak,agila,alakdan,daga,at ang mabangis na agila.Ito ang limang uri ng hayop na may katangiang nakakapinsala,at ito ay labas sa katangian ng pagiging likas niya mula sa natitirang mga hayop,sa pagiging pananakit nito at pamiminsala.At nagbabala siya sa mga iilan dito dahil sa iba't-ibang [naidudulot na] pinsala nito.Kasama rito ang anumang [hayop] na kahawig nito sa pagpipinsala mula sa natitirang mga hayop.Papatayin ito dahil pamiminsala nito at pananakit.Sapagkat ang Haram [Meccah] ay hindi makakapagligtas rito at ang ihrām ay hindi makakapagpapakupkop rito

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4543